


May Sistema Ng Suporta Sa Mga Naghahanap Ng Trabaho (*Kyushokusha Shien Seido*)!

Ang “Sistema ng Suporta sa mga Naghahanap ng Trabaho” ay sistemang tulong ng Japan sa mga taong hindi makatatanggap ng “Employment Insurance (*Koyo Hoken*)” para agad na makahanap ng trabaho.



※ Sa mga taong mas pa ang gustong malaman ay magtanong na lamang sa Hello Work sa inyong lugar.

● Kondisyon Upang Makakuha Ng Suporta

Lahat nang nasa (1) - (4) sa baba

- (1) Nagsumite ng aplikasyon sa Hello Work na naghahanap ng trabaho
- (2) Walang “Employment Insurance”, hindi nakatanggap ng “Benepisyong Para Sa Mga Nawalan Ng Trabaho (*Shitsugyo Kyufu*)”.
- (3) Hangad na makapagtrabaho at may kakayahan.
- (4) Kinikilala ng Hello Work na kinakailangan ang suporta.

(Halimbawa) Hindi makatanggap ng “Benepisyo Para Sa Mga Nawalan Ng Trabaho.”
 Nakatanggap ng “Benepisyo Para Sa Mga Nawalan Ng Trabaho, subalit hindi pa makakita ng panibagong trabaho.
 Mga taong nawala ang pinapatakabong pinagkakakitaan.
 Nakapagtapos ng pag-aaral subalit hindi nakakuha agad ng trabaho.

● Ukol sa “Pagsasanay sa Trabaho”

“Pangunahing Kurso (*Kiso Course*)” → Para makapagtrabaho ay matututo sa maikling oras ng para sa pangunahing kakayahan

“Pagsasanay na Kurso (*Jissen Course*)” → Matututo ng kinakailangang kakayahan kung anong uri ng trabaho ang gustong pasukan

- **Oras ng Pagsasanay : 1 kurso 2 buwan hanggang 6 na buwan**
- Para sa kongkretong impormasyon ay pakitingnan na lamang ang Hello Work Internet Service (<https://www.hellowork.mhlw.go.jp/>)

● Ukol sa “Benepisyo sa Pagdalo sa Pagsasanay sa Trabaho”

<Nilalaman>

100,000yen bawat buwan

Pera para makadalo sa lugar ng “Pagsasanay sa Trabaho

Pera para titirahan (*)

(*) Kapag kinilala ng Hello Work na kinakailangan na lumipat ng tirahan para sa pagsasanay

<Kondisyon para Makakuha>

- (1) Mababa sa 80,000yen bawat buwan ang sariling sweldo
- (2) Ang sweldo ng buong pamilya ay mababa sa 250,000yen bawat buwan
- (3) Mababa sa 3,000,000yen ang pag-aari kasama na ang pananalapi (*Kinyu Shisan*)
- (4) Pwera sa tinitirhan sa kasalukuyan ay walang pag-aari na lupa at gusali sa ibang lugar
- (5) Lahat ng pagsasanay ay pumapasok
- (6) Walang tumatanggap sa kapamilya nang parehas na benepisyo
- (7) Sa nakalipas na 3 taon ay hindi nagsinungaling o nagkamali, hindi nakatanggap ng anumang benepisyo

* Habang nagsasanay at kapag natapos na ay kailangang pumunta ng Hello Work para sa konsultasyon ukol sa trabaho = Konsultasyon sa Trabaho (*Shokugyo Sodan*)

Kung ang “Benepisyong Pagdalo sa Pagsasanay sa Trabaho” ay hindi makakapamuhay, maaari namang makahiram ng pera (subalit kailangang ibalik sa hinaharap).

Para sa mga detalye, magtanong na lamang sa Hello Work.

●Proseso

Proseso para makadalo sa pagsasanay	Proseso para sa “Benepisyong Pagdalo sa Pagsasanay sa Trabaho”
1. Hello work sa tinitirhang lugar ay magsumite ng aplikasyon na naghahanap ng trabaho Sabihin na gustong gamitin ang “Sistema ng Suporta sa mga Naghahanap ng Trabaho”	Sabihin na gustong makatanggap ng benepisyong
↓	
2. Pumili ng kurso ng pagsasanay sa Hello Work	Humingi ng papeles para sa “paunang pagsusuri (<i>Jizen Shinsa</i>)” para sa benepisyong ♦
↓	
3. Magsumite ng aplikasyon sa Hello Work para sa pagsasanay	Sulatan ang papeles para sa paunang pagsusuri para sa benepisyong at isumite. ♠
↓	
4. Isumite ang porma ng aplikasyon sa pagsasanayang lugar	
↓	
5. Magkakaroon ng eksaminasyon sa pagsasanayang lugar (panayam o sanaysay) Ang tungkol sa panayam o sanaysay ay magtanong sa Hello Work at magprepara.	
↓	

6. Kapag dumating ang notisya na “Nakapasa (<i>Gokaku</i>)”, humingi ng “Plano sa Suporta sa Pagtatrabaho (<i>Shushoku Shien Keikakusho</i>)” sa Hello Work.	Kunin ang resulta ng paunang pagsusuri Humingi ng papeles para sa aplikasyon
↓	
7. Dumalo sa pagsasanay Sa itinakdang araw ay pumunta sa Hello Work para sa Konsultasyon sa Trabaho	Magsumite ng aplikasyon ng benepisyo sa pagpunta sa Hello Work para sa Konsultasyon sa Trabaho

* **Ang mga sumusunod ay hindi maaaring makatanggap ng “Benepisyo sa Pagdalo sa Pagsasanay sa Trabaho.”**

Kaya mag-ingat.

- Hindi pumunta sa Hello Work sa itinakdang araw.
- Hindi dumalo sa pagsasanay/ nahuli (late)/ maagang umuwi (kahit 1 beses)

(Kung may dahilan ay kailangan ang katunayan. Komunsulta lamang.)

♠ Kailangang mga papeles para sa paunang pagsusuri ng “Benepisyo sa Pagdalo sa Pagsasanay sa Trabaho”

Papeles na nakasaad ang pansariling numero (Halimbawa: My Number Card)

Residence Card (*Zairyu Card*)

Papeles mula sa Hello Work (◆)

At iba pang itinakdang papeles (Para sa mga detalye ay magtanong na lamang sa Hello Work)

● Para sa Pakikipag-ugnayan

Hello Work ng lugar kung saan nakatira

Lugar ng Hello Work na may tagapag-saling wika (simula Mayo 2020)

<https://www.mhlw.go.jp/content/000592865.pdf>

Sanggunian at Pinagmulan

Ukol sa Sistema ng Suporta sa mga Naghahanap ng Trabaho (Ministry of Health, Labor and Welfare)

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/koyou/kyushokusha_shien/index.html

May Sistema Ng Suporta Sa Mga Naghahanap Ng Trabaho! (Ministry of Health, Labor and Welfare)

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/koyou/kyushokusha_shien/index.html